



Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos
Dibisyon ng Karapatang Sibil



Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos
Opisina Para sa Karapatang Sibil
Tanggapan ng Pangkalahatan Konseho

May 8, 2014

Minamahal na Kasamahan:

Sa ilalim ng batas Pederal, ang Estado at lokal na mga ahensya (simula dito, papangalanang natin mga “distrito”) ay napag-aatasan na bigyan ang lahat ng kabataan ng pantay na pagkakataong makapasok sa pampublikong edukasyon sa elementarya at sekundaryong antas. Kamakailan, napag-alaman natin ang mga isinasagawang pamamaraan sa pagpapatala ng estudyante na maaaring magpahina ng loob o magpatigil ng partisipasyon, o humantong sa pagbubukod, ng mga mag-aaral batay sa tunay o paghihinala sa katayuan ng pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon ng kanilang mga magulang o tagapagalaga. Itong mga pamamaraang nangyayari ay kontra sa batas Pederal. Ang Kagawaran ng Katarungan ng Estados Unidos at Kagawaran ng Edukasyon Estados Unidos (Mga kagawaran) ay parehong sumulat upang ipaalaala ang Pederal na obligasyon na magbigay ng katumbas na pagkakataon sa pag-aaral sa lahat ng mga kabataan na nakatira sa loob ng inyong distrito at mag-alok ng anumang tulong sa pagtiyak na kayo ay sumunod sa mga batas. Kami ay sumusulat upang ipaalam na may pagkabago ang nakaraang sulat na Minamahal na Kasamahan sa paksang ito na ipinahayag nuong Mayo 6, 2011, at sumagot sa mga katanungan na natanggap ng Departamento tungkol sa sulat ng Mayo 6. Ang sulat na ito ay pumapalit sa sulat ng Mayo 6.

Ang mga Departamento ay nagpapatupad ng maraming mga kautusan na nagbabawal ng diskriminasyon, kabilang dito ang mga Titulo IV at VI ng batas ng 1964 para sa mga Karapatang Sibil. Ipinagbabawal ng Titulo IV ang diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bayang pinanggalingan, bukod sa iba pang mga dahilan, ng pampublikong elementarya at sekundaryong mga paaralan. 42 U.S.C. § 2000c-6. Ipinagbabawal din ang diskriminasyon sa mga tumatanggap ng pinansyal na tulong ng Pederal batay sa lahi, kulay, o bayang pinanggalingan. 42 U.S.C. § 2000d. Ang mga regulasyon ng Titulo VI, bilang karagdagan, ay ipinagbabawalan ang mga distrito sa hindi makatarungang paggamit ng pamantayan o pamamaraan ng pagpapatupad na mauwi sa diskriminasyon ng tao dahil sa kanilang lahi, kulay, o bayang pinanggalingan, o magkaroon ng epektong upang talunin o pahinain ang pagkumpleto ng layunin ng programa para sa indibidwal ng isang partikular na lahi, kulay, o bayang pinanggalingan. Tingnan ang 28 C.F.R. § 42.104 (b) (2) at 34 C.F.R. § 100.3 (b)(2).

Bukod pa rito, ang Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na ginanap sa kaso ni *Plyler v Doe*, 457 US 202 (1982), ay nag-uulat na hindi maaaring tanggihan ng Estado ang sinumang bata na naktira sa distrito at alisin ang pagkakataong pumasok sa isang pangunahing pampublikong edukasyon, legal o hindi man ang kanyang katayuan sa Estados Unidos. Ang hindi pagbibigay ng pagkakataong makapasok ang mga "inosenteng mga bata" sa isang pampublikong edukasyon, ipinaliwanag ng Hukuman, "ay nagpapatong ng panghabang buhay na paghihirap sa isang ibinuklod na klase ng mga bata na walang kinalaman sa kanilang dehadong katayuan. . . . Ang hindi pagbibigay sa mga bata ng edukasyong pundamental, pinagkakaitan natin sila ng kakayahang mabuhay sa loob ng istraktura ng ating mga institusyong sibiko, at hinahadlangan anumang posibilidad na makadagdag sila maski sa pinakamaliit na paraan man lang sa pag-unlad ng ating Bansa." *Plyler*, 457 US sa 223. Na ipalinaw *Plyler*, ang hindi dukumentado o katayuang hindi mamamayan ng isang estudyante (o kanyang magulang o tagapag-alaga) ay walang kinalaman sa karapatang mag-aral sa isang elementarya at sekundaryong pampublikong edukasyon.

Upang makasunod sa mga batas ng karapatang sibil ng Pederal, pati na rin ang mga kautusan ng Kataas-taasang Hukuman, tiyakin na hindi magkaroon ng diskriminasyon batay sa lahi, kulay, o bayang pinanggalingan, at ang mga estudyante ay hindi pinagbabawalan sa mga pampublikong paaralan ng elementarya at sekundaryong antas batay sa kawalan ng pagkamamamayan o katayuan sa imigrasyon o ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga. Dagdag pa rito, ang mga distrito ay hindi maaaring humiling ng impormasyon na may layunin na hindi maibigay ang pagkakataong pumasok sa mga pampublikong paaralan batay sa lahi, kulay, o bayang pinanggalingan. Upang makatulong sa pagsasakatuparan ng mga obligasyong ito, nagbibigay kami sa ibaba ng ilang mga halimbawa ng mga pinapayagan sa mga pamamaraan sa pagpapatala, pati na rin ang mga halimbawa ng mga uri ng impormasyon na hindi maaaring gamitin bilang batayan para sa hindi pagtanggap sa paaralan.

Upang matiyak na ang mga serbisyo na pang-edukasyon ay tatangkilikin lamang ng mga residente ng distrito, ang distrito ay maaaring humingi sa mga mag-aaral o sa kanilang mga magulang ng patunay ng paninirahan sa loob ng distrito. *Tingnan, e.g., Martinez v Bynum*, 461 U.S. 321, 328 (1983).¹ Halimbawa, ang isang distrito ay maaaring humingi ng kopya ng mga resibo ng telepono at tubig o kontrata ng pag-upa bilang pagpapatunay ng paninirahan sa distrito. Bagamat pinapayagan ang isang distrito na higpitan ang dami ng tinatanggap na mga residente ng distrito, ang pagtatanong sa kanilang katayuan sa imigrasyon o katayuan ng kanilang mga magulang o tagapag-alaga ay walang katuturan sa pagpapatunay ng kanilang paninirahan sa distrito.. Dapat suriin ng distrito ang listahan ng mga dokumento na hihingiin

¹ Ang mga batang walang tirahan at kabataan ay kalimitan walang mga dokumento na kinakailangan sa pagpapatala sa paaralan tulad ng patunay ng paninirahan o sertipiko ng kapanganakan. Ang isang paaralan na napili para sa isang batang walang tirahan ay dapat na agad tanggapin sa paaralan ang bata, kahit na ang bata o magulang ng bata o tagapag-alaga ay walang maibigay na patunay na kailangan para sa pagpapatala. *Tingnan ang* 42 USC § 11,432 (g) (3) (C) (1).

bilang pagpapatunay ng paninirahan sa distrito at tiyakin na itong mga dokumentong hinihingi ay hindi lumalabag sa batas o nagsasadyang pahinain ang loob ng isang mag-aaral na di-dokumentado o may magulang na di-dokumentado na magpatala sa paaralan.

Katulad ng mga hinihinging pagpapatunay ng paninirahan, ang mga Estado at distrito ay may kanya-kanyang mga patakaran sa kung anong mga dokumento ang magagamit ng mga mag-aaral upang ipakita na ang kanilang edad ay sang-ayon sa edad na iniutos ng Estado o distrito. Ang mga hurisdiksyon ay karaniwang tumatanggap ng iba't-ibang mga dokumento para sa layuning ito. Ang isang distrito ng paaralan ay hindi maaaring hadlangan ang isang mag-aaral na magpatala sa mga paaralan ng distrito dahil sa kakulangan ng sertipiko ng kapanganakan o dahil sa ang sertipiko ng kapanganakan ay nagtatala ng banyagang bansa.

Bilang karagdagan, kinikilala namin na ang mga distrito ay mayroong obligasyon pang-Pederal, at sa ilang kaso, may mga obligasyong pang-Estado tulad ng kautusang pag-ulat ng lahi at etnisidad ng kanilang populasyon mag-aaral. Bagamat ang Kagawaran ng Edukasyon ay may kautusan sa mga distrito na mangolekta at iuulat ang naturang impormasyon, hindi maaaring gamitin ng mga distrito ang nakuhang mga datos na maging dahilan ng diskriminasyon sa mga estudyante; at hindi rin dapat na ang pagtanggap ng magulang o tagapag-alaga na ibigay ang datos na ito ang gawing dahilan na tanggihan ang estudyanteng makapasok sa paaralan.

Katulad din nito, alam namin na maraming mga distrito ang humihingi ng numero ng social security numero para gamitin sa pagkakakilanlan ng estudyante. Ang distrito ay hindi maaaring tumanggi sa pagpapatunay ng estudyante kung siya (o kaniyang magulang o tagapag-alaga) ay pumiling hindi magbigay ng numero ng social security. *Tingnan* 5 U.S.C. §552a (tala).² Kung ang distrito ay piniling humingi ng numero ng social security, dapat ipagbigay-alam ito sa mga indibidwal na ang pagsisiwalat ay boluntaryo, ibigay ang kautusang batas o iba pang batayan kung bakit ito ay hinihingi, at ipaliwanag kung ano ang paggagamitan nito. *Id.* Sa lahat ng mga kaso ng pagkolekta at pagsusuri ng impormasyon, napakahalaga na anumang kahilingan ay pinaiiiral sa lahat ng mga estudyante at hindi lamang sa isang partikular na mga grupo ng estudyante.

Tulad ng kalatas ng Hukuman Kataas-taasan sa makasaysayang kaso ng *Brown v Board of Education*, 347 US 483 (1954), "walang sinumang makakatiyak kung makatwiran na asahan ang isang bata na magtagumpay sa kanyang buhay kung aalisin sa kanya ang pagkakataong makapag-aral." *Id.* Sa 493. Magkapareho ang dalawang kagawaran sa madiing paninindigang ipapatupad ang batas Pederal ng mga karapatang bilang mamamayan na nakabalangkas sa itaas at sa pagbibigay ng mga tulong teknikal na maaaring kailanganin ninyo upang ang lahat ng mga estudyante ay mabigyan ng pantay-pantay na pagkakataon sa edukasyon. Bilang mga agarang hakbang, maaaring unahin munang suriin ang mga hinihinging dokumento ng inyong distrito sa

² Ang batas Pederal ay may ilang limitasyon sa kautusang ito. *Tingnan* Pub. L. 93-579 § 7 (a) (2) (B).

Pahina 4- Sulat na Minamahal na Kasamahan

pagpapatala sa paaralan para matiyak na ang hiniling na mga dokumento ay hindi nagtataglay ng anumang nakakapanghinang loob ng estudyante sa pagpapatala sa paaralan. Pangalawa, habang sinusuri kung ang pamamaraan ng paaralan ay naayon sa batas, maari ninyong pag-aralan ang mga datos ng pagpapatala ng antas ng Estado at distrito. Ang biglaang pagbagsak ng bilang ng pagpapatala ng anumang pangkat ng estudyante sa isang distrito ng paaralan ay maaaring senyas na may mga balakid sa kanilang pagpapatala na dapat ninyo pang siyasatin.

Nilakip namin ng mga katanungang madalas na tinatanong kasama ang mga kasagutan nito at listahan ng tiyak na totoo na makakatulong sa inyo. Mangyaring makipag-ugnay sa amin kung mayroon kayong mga karagdagang katanungan o kung mabibigyan ka namin ng tulong sa pagtiyak na ang inyong mga programa ay sumusunod sa mga Pederal na batas. Maaari kang makipag-ugnay sa Kagawaran ng Katarungan, Dibisyon ng Karapatang Sibil, Seksiyon ng Pang-edukasyon Oportunidad, sa (877) 292-3804 o education@usdoj.gov, ang Kagawaran ng Edukasyon ng Tanggapan para sa Karapatang Sibil (OCR) sa (800) 421-3481 o ocr@ed.gov o ang Kagawaran ng Edukasyon Tanggapan ng Pangkalahatang Konseho sa (202) 401-6000. Maaari ninyo ring bisitahin ang <http://wdcrobcolp01.ed.gov/CFAPPS/OCR/contactus.cfm> para sa OCR tagapagpatupad ng opisina na naglilingkod sa inyong lugar. Para sa pangkalahatang impormasyon tungkol sa pantay na pagpasok sa pampublikong edukasyon, mangyaring bisitahin ang aming website sa <http://www.justice.gov/crt/edo> at <http://www.ed.gov/about/offices/list/ocr/index.html>.

Inaasahan namin ang pakikipagtulungan sa iyo. Salamat sa inyong pagbibigay pansin pansin sa bagay na ito at sa paglalaan ng kinakailangang hakbang upang matiyak na walang anak ang matatanggihang magkaroon ng pampublikong edukasyon.

Taos-puso,

/s/
Catherine E. Lhamon
Pangalawang Kalihim
Pangkalahatan
Opisina pang Karapatang Sibil
Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos

/s/
Philip H. Rosenfelt
Pangalawang Konseho,
Nakatalagang Awtoridad na
Magsagawa ng Tungkulin
Pangkalahatang Konseho
Kagawaran ng Edukasyon ng
Estados Unidos

/s/
Jocelyn Samuels
Tumatayong Katulong
Abogada
Dibisyong Karapatang Sibil
Kagawaran ng Katarungan ng
Estados Unidos

Mga Attachment